# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG MAYO 13, 2024, LUNES, IKA-09:30 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | .... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | .... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | .... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ Pangulo – SK Pederasyon |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |

OFFICE OF THE SANG. BAYAN RELEASED NAME mai DATE 052424 TIME ____ STA. CRUZ, LAGUNA

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED 23 MAY 2024

**KAPASIYAHAN BLG. 255-T2024**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG SUPPLEMENTAL INVESTMENT PLAN NG KAPASIYAHAN BLG. 1-T2024 NG MUNICIPAL DEVELOPMENT COUNCIL– KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG PAGLILIWAT NG PONDO NG PROGRAMANG 1. CONSTRUCTION OF MULTI-PURPOSE HALL @ BRGY. POBLACION V PHP1,500,000.00 AT ANG 16. ACQUISITION OF LOT FOR INTEGRATED SOLID WASTE MANAGEMENT FACILITY (ISWMF) PHP10,100,000.00 PARA SA MGA PANGUNAHING PROGRAMA NG PAMAHALAAN PARA SA 20% MUNICIPAL DEVELOPMENT FUND (MDF) 2023 SA BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SAPAGKAT**, may pagliliwat mula sa Kgg. Punong Bayan hinggil sa paksang binabanggit sa itaas nito;

**SAPAGKAT**, sa naging pagsusuri ng mga lupon, napag-alaman na ang mga programa at gawaing pangkaunlaran ay napapaloob at tumutugon sa pangunahing pangangailangan ng barangay, mga mamamayan, at ng pamahalaang bayan; kaya't inirekomendang pagtibayin ang mga ito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Rizaldy N. Kalaw ( Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Ambiel John C. Pangnaiban, Kgg. Lea A. Almarvez, Kgg. Laura P. Obligacion, Kgg. Lucena R. Odejar, Kgg. Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. at Kgg. Mark Anthony M. Juangco at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Kgg. Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Supplemental Investment Plan ng Kapasiyahan Blg. 1-T2024 ng Municipal Development Council– Kapasiyahang Pinagtitibay ang Pagliliwat ng pondo ng Programang 1. Construction of Multi-Purpose Hall @ Brgy. Poblacion V Php1,500,000.00 at ang 16. Acquisition of lot for Integrated Solid Waste Management Facility (ISWMF) Php10,100,000.00 para sa mga pangunahing programa ng Pamahalaan para sa 20% Municipal Development Fund (MDF) 2023 sa bayan ng Santa Cruz, Laguna.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahan/ kautusang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Mayo 13, 2024.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

5/21/24 3:29